
# MISSALETTE

**23 Agosto 2026 • IKA-21 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON • TAON A**



## "KAYO SI KRISTO, ANG ANAK NG DIYOS NA BUHAY."

Sa ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon, tinatanong ni Hesus ang mga apostoles: "Sino ako para sa inyo?" Sa Caesarea Philippi, lugar na maraming sumasamba sa diyos-diyosan, matapang na ipinahayag ni Pedro na si Hesus ang "Anak ng Diyos na buhay," ang tunay na Panginoon. Hinahamon din tayo ng tanong na ito. Sino si Hesus para sa atin? Ang pagsampalataya sa Kanya ay pagsunod sa Kanya, maging sa daan ng krus. Matapang nawa nating maipahayag ang ating pananampalataya at katapatan kay Hesus.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Sa aking abang dalangin,
D'yos ko, ako'y iyong dinggin.
Ang pagsamo ko't pagdaing
ay mangyaring iyong dinggin.
Kaligtasa'y aking  hiling.

*(Sal 86, 1-3)*

### PAGBATI

**P** –Pagpalain ang Panginoong Hesukristong nagtatag sa Simbahan sa bato ng pananampalataya ni Pedro. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
**B** – **At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Natitipon upang mag-alay ng Eukaristiya at tanggapin ang Tinapay ng Buhay, tayo'y muling magnilay sa ating pagiging di karapat-dapat at pangangailangang mahugasan sa ating pagkakasala. (Manahimik saglit.)

**P** – Ikaw si Kristo, ang Anak ng Diyos na Buhay. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** – **Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Itinatag mo ang iyong Simbahan para maging sakramento ng kaligtasan sa lahat ng panahon. Kristo, kaawaan mo kami.
**B** – **Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** – Inihabilin mo kay Pedro ang mga susi ng Kaharian ng langit. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B** –**Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang  hanggan.
**B** – **Amen.**

This issue of Missalette may be downloaded for free anywhere  in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAPURI

**B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan**
**at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.**
**Pinupuri ka namin,**
**dinarangal ka namin,**
**sinasamba ka namin,**
**ipinagbubunyi ka namin,**
**pinasasalamatan ka namin**
**dahil sa dakila mong angking kapurihan.**
**Panginoong Diyos, Hari ng langit,**
**Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,**
**Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin.**
**Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.**
**Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,**
**maawa ka sa amin.**
**Sapagkat ikaw lamang ang banal,**
**ikaw lamang ang Panginoon,**
**ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,**
**kasama ng Espiritu Santo**
**sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.**

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P –**Ama naming makapangyarihan,
ginagawa mong kami'y magkaisa ng kalooban.
Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalin,
ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin,
upang sa anumang pagbabago sa paligid namin
manatiling matatag ang aming loobin
sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## Unang Pagbasa — Isa 22, 19-23

**L** – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Isaias


**Sinabi ng Panginoon kay Sabnang katiwala sa palasyo:**
**"Aalisin kita sa iyong katungkulan,**
**at palalayasin sa iyong kinalalagyan.**
**Tatawagin ko sa araw na iyon ang aking lingkod,**
**si Eliaquim na anak ni Helcias.**
**Siya ang pagsusuutin ko ng iyong buong kasuutan,**
**ibibigay ko sa kanya ang iyong kapangyarihan,**
**siya ang magiging pinakaama ng Jerusalem at ng Juda.**
**Ibibigay ko sa kanya ang susi ng bahay ni David;**
**ang kanyang buksa'y walang makapagsasara,**
**at walang makapagbubukas ng ipininid niya.**
**Itatayo ko siyang parang haligi ng tolda,**
**itatayo ko nang matibay sa isang matatag na lugar,**
**at siya'y magiging marangal na luklukan,**
**para sa sambahayan ng kanyang ama."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Salmong Tugunan — Sal 137, 1-2a. 2bk-3. 6 at 8bk

**B – Pag-ibig mo'y di kukupas,**
**gawain mo'y magaganap.**

*R. M. Velez*




* Ako, Poon, buong pusong aawit ng pasalamat,
sa harap ng mga anghel, pupurihin kitang ganap.
Sa harap ng iyong templo ay yuyuko at gagalang,
pupurihin kita roon, pupurihin ang 'yong ngalan. **B.**

* Dahilan sa pag-ibig mo at sa iyong katapatan,
ikaw'y tunay na dakila, pati iyong kautusan.
Noong ako ay tumawag, tinanggap ko ang tugon mo,
sa lakas mong itinulong ay lumakas agad ako. **B.**

* Dakila man ang Poong D'yos, mahal din niya ang mahirap,
kumubli ma'y kita niya yaong hambog at pasikat.
Ang dahilan nito, Poon, pag-ibig mo'y di kukupas,
at ang mga sinimulang gawain mo'y magaganap. **B.**

## Ikalawang Pagbasa — Ro 11, 33-36

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

**Napakasagana ng kayamanan ng Diyos! Di matarok ang kayamanan, karunungan at kaalaman ng Diyos! Hindi malirip ang kanyang mga panukala at pamamaraan! Gaya ng nasusulat:**

**"Sapagkat sino ang nakaalam sa pag-iisip ng Panginoon,**
**o sino ang naging tagapayo niya?**
**Sino ang nakapagkaloob ng anuman sa Diyos**
**para siya nama'y gantimpalaan?"**

**Sapagkat mula sa kanya at sa pamamagitan niya, at sa kanya ang lahat ng bagay. Sa kanya ang karangalan magpakailanman! Amen.**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## Aleluya — Mt 16, 18

**B** – Aleluya! Aleluya!
Ikaw, Pedro, ang saligan
ng aking simbahang banal
na daig ang kamatayan.
Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita — Mt 16:13-20

P – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, dumating si Hesus sa lupain ng Cesarea ng Filipos. Tinanong niya ang kanyang mga alagad, "Sino raw ang Anak ng Tao, ayon sa mga tao?" At sumagot sila, "Ang sabi po ng ilan ay si Juan Bautista kayo. Sabi naman ng iba, si Elias kayo. At may nagsasabi pang si Jeremias kayo o isa sa mga propeta." "Kayo naman, ano ang sabi ninyo? Sino ako?" tanong niya sa kanila. Sumagot si Simon Pedro, "Kayo po ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay." Sinabi sa kanya ni Hesus, "Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat ang katotohanang ito'y hindi inihayag sa iyo ng sinumang tao kundi ng aking Amang nasa langit. At sinasabi ko naman sa iyo, ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking simbahan, at hindi makapananaig sa kanya kahit ang kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: ang ipagbawal mo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at ang ipahintulot mo sa lupa ay ipahihintulot sa langit." At mahigpit niyang tinagubilinan ang kanyang mga alagad na huwag sabihin kaninuman na siya ang Kristo.**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at**
**nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P** – Lumapit tayo sa Ama na sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay ipinakikilala si Hesus bilang Kanyang Bugtong na Anak. Buong pagtitiwala tayong manalangin: Ama naming nasa langit, dinggin Mo kami.

**B –Ama naming nasa langit, dinggin Mo kami.**

* Para sa Papa, mga obispo, pari, at lahat ng binyagan: nawa'y tulad ni San Pedro, buong tapang nating ipahayag si Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas at manatiling matatag sa pananampalataya. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng Kristiyano: nawa'y hindi lamang natin kilalanin si Hesus kundi pagsikapan nating palalimin ang personal na pakikipagtagpo natin sa Kanya na nagpapabago ng ating buhay. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga nagdududa at naghahanap ng katotohanan: nawa'y manatili silang may pag-asa, matatag sa kanilang paghahanap ng kahulugan ng buhay, at 'di nawawalan ng loob. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga kaluluwa sa purgatoryo: nawa'y malinis sila sa kanilang mga kasalanan at masilayan ang liwanag ng langit. Manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

**P –** Mapagmahal na Ama, huwag Mong ilihim ang Iyong mukha sa amin na naghahanap sa Iyo. Patatagin Mo ang aming pananampalataya upang makilala Ka namin sa aming pang-araw-araw na buhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.
**B –Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon**
**itong paghahain sa iyong mga kamay**
**sa kapurihan niya at karangalan,**
**sa ating kapakinabangan**
**at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P** –Ama naming Lumikha,
pinagkamit mo kami ng iyong pagkupkop
pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog
kaya't sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob
ang pagkakaisa at kapayapaang nagbubuklod
bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B –Amen.**

### PREPASYO VII

**P** –Sumainyo ang Panginoon.
**B –At sumaiyo rin.**

**P** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B –Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B –Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P** –Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.
Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan,
ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal.
Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang;
ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan.
Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin
bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin.
Niloob mo ito upang iyong mamalas
sa aming pagkatao ang giliw mong Anak
at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad
ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat.
Ang katapatan niya sa iyong walang maliw
ay nagpanumbalik na muli sa amin
ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin
na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo**
**Panginoong Diyos**
**ng mga hukbo!**
**Napupuno ang langit at lupa**
**ng kadakilaan mo!**
**Osana sa kaitaasan!**
**Pinagpala ang naparirito**
**sa ngalan ng Panginoon!**
**Osana sa kaitaasan!**

### PAGBUBUNYI

**B –**Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

## PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,**
**ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P** – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

## ANTIPONA NG PAKIKINABANG

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

Ang halaman ay namunga
at may pagkaing nakuha,
ubas na dulot ay sigla,
pawang bigay ng D'yos Ama
upang tayo'y lumigaya.

*(Sal 104, 15-15)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P** – Ama naming mapagmahal,
lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay
ng iyong pag-ibig na ngayo'y ipinagdiriwang
at kami nawa'y magkaroon ng ganap na kaunlaran
upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan
ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGWAWAKAS

**P** – Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P** – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**

**P** – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
**B – Salamat sa Diyos.**

FREE ENTRANCE TICKET




WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
*Postal Address:* P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
*Tel. Nos.* 8894-5401; 8475-8945 • *Website:* www.wordandlife.org
• *E-mail:* wordandlifepublications@gmail.com • *FB:* Word And Life Publications
• *Editorial Team:* Fr. R. De Guzman, J. Lacandazo, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• *Illustrations:* A. Sarmiento, B. Cleofe • *Circulation:* R. Saldua